Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

## KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-01

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGRE-RELEASE NG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (P1,000,000.00) NA KUKUNIN SA "CALAMITY FUND" AT ISANG MILYON AT ANIMNARAANG LIBONG PISO (P1,600,000.00) NA KUKUNIN SA APROPRASYON NG SPECIAL ACTIVITIES FUND NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD PARA SA TAONG 1998, UPANG MAKATULONG SA MGA NAGING BIKTIMA NG KALAMIDAD SA SUNOG NA NAGANAP NOONG BUWAN NG DISYEMBRE 1997 SA MAY HANGGANAN NG BARANGAY BULI AT SUCAT, AT ENERO 1998 SA MEDINAS COMPOUND, BARANGAY CUPANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ayon sa **Artikulo 100 (a)** ng Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad sa Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sanggunian ay may kapangyarihan, tungkulin at gawain na magpatibay ng mga kapasiyahan at magtakda ng mga pondo para sa kapakanang-panglahat ng bayan at ng mamamayan nito ayon sa itinatakda ng Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991;

**SAPAGKAT,** ayon sa **Artikulo 100 (a) (1) (iv)** ng nabanggit na Alituntunin ang Sanggunian ay may kapangyarihang gumawa ng hakbang upang mapangalagaan ang mga mamamayan ng bayan buhat sa mga mapinsalang epekto ng mga gawang-tao o natural na malalaking sakuna at maglalaan ng paglilingkod at pagbibigay tulong sa mga biktima sa panahon at pagkatapos ng nasabing malaking sakuna o mga kalamidad at sa kanilang pagbabalik sa kapakipakinabang na pamumuhay pagkatapos ng nasabing pangyayari;

**SAPAGKAT,** noong **19 Disyembre 1997 at 9 Enero 1998,** ilang lugar sa Barangay Buli, Cupang at Sucat ang dumanas ng kalamidad sanhi ng sunog na tumupok sa bahay, ari-arian at pagkasugat ng mga mamamayang naninirahan sa nasabing lugar;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina -2-***
***Kautusang Panglungsod Bilang 98-01***

**SAPAGKAT,** bunga ng nasabing kalamidad mayroong Isang Daan at Pitumpu't Limang (175) pamilya sa Barangay Buli at Sucat ang nawalan ng tahanan at Dalawang Daan at Dalawampu't Pitong (227) pamilya naman sa Barangay Cupang ang naapektuhan at may isang (1) bata ang namatay;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na pahintulutan ang pagre-release ng halagang **Isang Milyong Piso (P1,000,000.00)** na kukunin sa Calamity Fund at **Isang Miyon Animnaraang Libong Piso (P1,600,000.00)** na kukunin sa Apropasyon ng Special Activities Fund ng mga Miyembro ng Sangguniang Panglungsod para sa taong 1998, upang makatulong sa mga naging biktima ng kalamidad sa sunog na naganap noong buwan ng Disyembre 1997 sa may hangganan ng Barangay Buli at Sucat, at Enero 1998 sa Medinas Compound, Barangay Cupang, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **12 Enero 1998, sa ginanap na Unang Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

1/21/98

Petsa : ____________________